PAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA ESTUDYANTE

Ang Unge & Rus [Kabataan at PAG-INOM NG ALAK] ay isang proyekto na naglalayong pigilin ang pag-inom ng alak at paggamit ng droga, na nakatuon sa mga kaugalian at asal na may kinalaman sa alak, sa mga kabataan TEENAGER.

Magsisimula ang Kabataan at PAG-INOM NG ALAK sa pinakamalapit na kapaligiran ng estudyante. Ang pinupuntiryang grupo ng proyekto ay binubuo ng mga estudyante, mga guro at mga magulang/tagapag-alaga.

Ang Kabataan at PAG-INOM NG ALAK ay isang proyekto na may suporta online.

Ang mga estudyante ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagpapatupad ng proyekto.

Pag-uusapan ng mga estudyante ang mga sumusunod na paksa:

- Impluwensiya
- Mga pananaw ukol sa alak
- Pag-inom ng alak
- Pagharap sa udyok ng barkada na uminom

Ang mga estudyante ay gumugugol ng oras upang mapag-aralan at bigyang-pansin ang kanilang kapaligiran, habang pinag-uusapan kung paano nila maiiwasan ang udyok na uminom, may mga role-play, at natututo ng tungkol sa masamang epekto ng alak. Sa buong panahon nila sa Kabataan at PAG-INOM NG ALAK, pag-uusapan ng mga estudyante ang Pupil's Views [Mga Pananaw ng Estudyante], isang malawak na proyekto kung saan sila mismo ang pipili ng kanilang paksa at magpapasiya kung paano nila ito itatanghal.

Ang oras na kailangang ilaan sa Kabataan at PAG-INOM NG ALAK ay hindi pare-pareho at depende sa mga kondisyong pumapaligid sa sitwasyon. Batay sa karanasan, ang mga paaralan ay nakagagamit nang 10 hanggang 30 oras, sa bahagi ukol sa pakikipagtulungan sa mga estudyante.

PAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA

Ang pagbabago mula pagiging bata, tungo sa pagiging TEENAGER, ay naghaharap ng mga bagong hamon sa kabataan at lumilikha ng mga bagong pangangailangan mula sa mga magulang at tagapag-alaga.

Ang magandang pagtutulungan sa pagitan ng paaralan at tahanan ay napakahalaga para sa tagumpay ng mga gawain upang mapigilan ang paggamit ng tabako, alak at ipinagbabawal na gamot.

Ito ay nagbibigay ng kasiguruhan para sa kabataan at sa mga magulang/tagapag-alaga kung mayroong pagkakasunduan hangga't kaya, ukol sa mga mas mapanghamong aspeto ng paglaki ng mga bata at pagpapalaki sa mga ito.

Ang Kabataan at PAG-INOM NG ALAK ay nagtatakda ng dalawang pagpupulong sa pagitan ng mga magulang at tagapag-alaga.

www.ungeogrus.no

ungeogrus.no

ANG PANGUNAHING LAYUNIN NG KABATAAN AT PAG-INOM NG ALAK AY ANG MAPAYAGAN ANG MGA ESTUDYANTE NA:

- Madagdagan ang nalalaman tungkol sa alak at sa kakayahang mapag-isipan nang husto ang pag-inom nito
- Mapatibay ang mga kaugalian laban sa pag-inom ng alak
- Mapalakas pang lalo ang kakayahang magsabi ng Hindi sa alak
- Maantala ang unang pag-inom ng alak

unge & rus

Ang **Kabataan at PAG-INOM NG ALAK** ay isang programang pang-edukasyon na nakatuon sa pagpigil ng pag-inom ng alak at paggamit ng droga; inirerekomenda na ang proyekto ay gamitin sa mga estudyanteng nasa ikawalong taon (eighth-year, edad 14)

Ang **Kabataan at PAG-INOM NG ALAK** ay may hiwalay na programa para sa mga estudyanteng nasa ikasiyam na taon (ninth-year, edad 15)

Ang **Kabataan at PAG-INOM NG ALAK** ay naghanda ng mga materyales na naglalaman ng impormasyon para sa mga magulang/tagapag-alaga na mababasa sa iba't-ibang wika

Ang pinupuntiryang grupo ng **Kabataan at PAG-INOM NG ALAK** ay binubuo ng mga estudyante, mga guro at mga magulang/tagapag-alaga.

Helsedirektoratet

Kompetansesenter rus, Nord-Norge
Rus og spesialpsykiatrisk klinikk, UNN

Nobyembre 2011